# Modyul 5
# Paglalahad ng mga Kasalukuyang Kaganapan
# Tekstong Ekspositori



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Heto na muli ang panibagong modyul na gagabay sa ibayo mong pagkatuto lalo na sa pag-alam sa mga kasalukuyang kaganapan na magsisilbing ilaw sa iyong pag-iisip upang maging bukas ang iyong mga mata sa pag-unawa sa mga bagay-bagay na makatutulong sa sarili mong pag-unlad.

Sa modyul na ito, makababasa ka ng mga balita o lathalain na napapanahon na kinakailangan mong unawain at suriin.. Sa iyong gagawing pag-aaral, hindi maiiwasang madaanan mo ang mga salita o parirala na magbibigay ng ganap na kahulugan sa pinapaksa o sabihin na nating sa mga isyung pinag-uusapan at pinagtatalunan sa bawat sulok ng ating pamayanan. Siyempre, ikaw ay bahagi ng iyong lipunan kaya nararapat lamang na may nalalaman ka upang ikaw naman ay makapagbahagi ng iyong opinyon, haka-haka at reaksyon.

Makatitityak kang marami kang matutuklasan. Ang importante, marunong kang sumunod at sana, maging matiyaga ka. O, handa ka na ba ?





## Ano ang Matututunan mo?

Unang – una, makababasa ka rito ng mga napapanahong balita ,mga isyu na pinag-uusapan sa mga telebisyon at napakikinggan mo sa radyo. May mga gawain dito na hihingan ka ng mga paliwanag at sarili mong reaksyon na magpapalawak sa pang-unawa mo sa mga isyu.

Matututunan mo rin ang pagkuha ng mga kahulugan upang maging madali ang pagkaunawa mo sa iyong binabasa kasabay nito, mauunawaan mo ang tekstong eksporitori at ang pagsusuri sa iba pang katangian ng teksto, gayundin ang iba't ibang pokus ng pandiwa na magagamit mo sa paglalahad ng iyong mga ideya at pagpapaliwanag sa isang isyu na nakapukaw sa iyong interes.

Malalaman mo rin ang iba pang kabatiran sa pagbuo ng talata na lilinang sa kakayahan mong magsulat.



## *Paano Mo Sasagutin Ang Modyul na ito?*

Tulad ng mga naunang modyul, dapat mo ring pahalagahan ang modyul na ito kaya basahin mo ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Ingatan mo ang modyul na ito kaya hwag mo itong susulatan. Iwasan mo itong madumihan, mapunit o matupi at lalo mong iwasan na ito ay mabasa.
2. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel.
3. Sagutin mo ang lahat ng pagsusulit. Magsimula ka sa Ano na ang alam mo? upang malaman mo ang kahinaan mo na dapat mong pag-ukulan ng pansin.
4. Basahin mo ang mga teksto na magagamit mo sa pagsusuri ng uri at katangian ng teksto.
5. Sagutin mo ang mga gawain at pagsasanay. Pagkatapos, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.



## *Ano Ba Ang Alam Mo?*

A.. Panuto: Basahin mo ang bawat pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang paksang tinutukoy sa nasabing pangungusap.

1. Patuloy na pinag-aaralan sa Senado ang impeachment trial ni Pang. Gloria Arroyo.
2. Hanggang sa kasalukuyan, pinag-uusapan pa rin ng mga mamamayan ang Hello Garci Case
3. Ang mga operator at drayber ay nagbabalak ng kilos-protesta dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng krudo.
4. Ipinag-iinit ng ulo ng mga mamamayan ang patuloy na pagtaas ng mga bilihin.
5. Ang panukala hinggil sa Charter Change ay isinulong na ni Pang. Arroyo.
6. Puspusang ipinagbawal ang jueteng sa bansa.
7. Mahigpit na sinuri ng Dep. Ed. ang mga bagong aklat na ipagagamit sa mga mag-aaral.
8. Natuwa ang mga magulang sa libreng mga bag na pinagkaloob ng pamahalaang lokal.
9. Ang mga bagong testigo laban sa pangulo ay inilabas na ni Sen. Ping Lacson.
10. Nabuwag din sa wakas ng PNP ang pinagtataguan ng mga ipinagbabawal na

gamot.

B. Panuto: Muli mong basahin ang mga pangungusap sa itaas. Kunin mo sa bawat pangungusap ang mga pandiwang may kaugnayan sa paksa ng pangungusap at sa tabi nito, isulat ang mga panlaping ginamit. (1 – 10).

C. Panuto: Suriin mo ang damdaming pinalulutang sa bawat pahayag. Isulat mo ang tono ng bawat pahayag.

1. Kung pababa nang pababa ang rating ni Pangulong Arroyo, ano at mananatili pa siya sa pwesto? Kung wala nang naniniwala sa kanya ,ano at nariyan pa siya?
2. Bakit doon pa? Alam ba ninyo na pinakanotorious ang lugar na yaon?
3. Pero bakit kailangang magpalakas pa ng loob ang senador na iyan e kilala naman siyang barako.
4. Kung nagkasala, dapat managot sa batas.
5. Desperado na ang administrasyon na buwagin ang ebidensya laban sa kanila.

D. Panuto: Isulat mo sa sagutang papel ang salitang nagbibigay ng ganap na kahulugan sa salitang nagpapahayag ng kilos na nasa bahagi ng panag uri.

1. Pinagkaguluhan sa senado ang paglantad ng testigong si Zuce.
2. Sinorpresa ni Pangulong Gloria Arroyo si dating Pangulong Corazon Aquino sa pagdalo sa anibersaryo ng kamatayan ni ex-Senator Ninoy Aquino.
3. Binigyan ng leksyon ng MMDA ang mga pampasaherong bus.
4. Nabahala ang Malacañang dahil sa patuloy na pagbatikos sa pangulo.
5. Ipinakita ng mga drayber ang pagtutol sa pamamagitan ng malawakang tigil-pasada.

E. Panuto: Mula sa mga sagot sa aytem D, gawin mo itong paksa ng pangungausap.

F. Panuto: Basahin mong mabuti ang balita.. Pagkatapos, gawin mo ang hinihingi sa ibaba.

Tipid-gas aprub sa Palasyo

Muling nakakita ng pag-asa ang pamahalaan ni Pangulong Arroyo para masolusyunan ang dinaranas na energy crisis sa bansa.

Bukod sa gas rationing, pagbabawas ng security convoy ng pangulo at pagdispatsa sa mga sasakyang panggasolina na naka – assigned sa iba't ibang government owned controlled corporations(GOCCs), sinabi ni Department of Energy Sec. Raphael Lotilla na bukas sa Malacañang ang paggamit ng publiko sa gas saving device bilang solusyon sa kasalukuyang krisis.

Matapos ang pulong sa Malacañang, sinabi ni Lotilla na ang gas saving device na ito ang tugon sa oil cisis kaya sapagkat nabalitaan niya na ito ay imbensyon ni Filipino inventor Pablo Planas at aminado siya na kapuri-puri para sa mga pampubliko at pampribadong motorista ang imbensyong ito..

1. Isulat ang pangungusap na tumutugon sa tanong na ANO.

2. Isulat ang bahagi ng balita na tumutugon sa tanong na BAKIT.

3. Isulat ang pangungusap na tumutugon sa tanong na SINO.

4. Isulat ang pangungusap na tumutugon sa tanong na SAAN.

5. Isulat ang pangungusap na tumutugon sa buod ng balita.

G. Panuto: Muli mong basahin ang balita sa itaas. Batay diyan, piliin mo ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagdispatsa sa mga sasakyang panggasolina ay isinagawa na rin sa Malacañang. Ang pagdispatsa ay nangangahulugang _______________.

a. pag-iwas c. pag-alis
b. pagbenta d. pamimigay

2. Hihikayatin ang mga mamamayan sa paggamit ng gas saving device. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang ______________________.

a. aanyayahan c.. aakitin
b. aalukin d. kukumbinsihin

3. Ang motorista ay ang mga _______________.

a. nagmamaneho ng sasakyan c. ang mga nasa kalsada
b. gumagamit ng motor d. mga inventor

4. Ang pagkakaroon ng inventor na Pilipino ay ______________.

a. dapat ipagpasalamat c. dapat na ikarangal
b. solusyon sa krisis ng bansa. d. dapat na tularan.

5. Ipinakita sa teksto na _________________.

a. ang Pilipino ay maaaring magtipid.
b. may natatagong kakayahan ang mga Pilipino.
c. may solusyon sa energy crisis ng bansa.
d.dapat makiisa sa proyekto ng pamahalaan.

Nahirapan ka ba? Huwag kang mabahala. May mga gawaing inihanda para matulungan kang maunawaan ang mga aytem na di mo nasagutan. Ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Mga Gawain sa Pagkatuto**

*Sub-aralin 1:*

## *Ang paksa ng pahayag sa pagbibigay ng impormasyon*

**Layunin:**

- Natutukoy ang mga salitang ginamit sa pagkuha ng impormasyon
- Naiuugnay ang paksang inilahad sa teksto sa mga pangyayari

- Nailalahad ang mga tiyak na impormasyon sa mga napapanahong isyu
- Nakasusulat ng isang angkop na paksa ng pangungusap na ginagamitan ng angkop na salitang nagsasaad ng kilos

**Alamin**

Matamang suriin ang larawan.

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang larawan?
2. Anu-ano ang mga impormasyong ibinibigay ng larawan?
3. Pansinin mo ang paksa ng pangungusap na ginawa mo upang matukoy ang mga impormasyong nakapaloob sa larawan.Ano ang kaugnayan nito sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw?

Upang makatiyak ka sa iyong sagot, basahin mo ang mga sumusunod na kaalaman. Tiyak, may matututunan ka.

**Linangin**

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang sumusunod na mga impormasyon.

**Pokus ng Pandiwa**

Pokus ang tawag sa relasyong pansematika ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap. Nakikita ito sa mga taglay na panlapi kaya nagkakaroon ng iba't ibang pokus ang pandiwa ayon sa kung ano ang kaganapan ng pandiwa sa pusisyong pansimuno ng pangungusap.

Halimbawa: Kapag ang kaganapang tagaganap ay ginawang paksa, ang pokus ng pandiwa ay pokus sa tagaganap. Kapag kaganapang Layon, ang pokus ng pandiwa ay pokus sa layon.

Halimbawa:

**Kaganapan ng pandiwa**

Pinaglaban ng mga <u>Pilipino</u> ang kanilang karapatan.

Ang kaganapan ng pandiwa ay ang salitang Pilipino na siyang gumaganap ng kilos na ipinahahayag ng pandiwang pinaglaban kaya ito ay kaganapang tagaganap. Kapag ang salitang Pilipino ay ginawang paksa ng pangungusap tulad nito:

Ang Pilipino ay lumaban para sa kanilang karapatan.

Ang salitang <u>Pilipino</u> ay siya ngayong paksa ng pangungusap na siyang gumaganap sa pandiwang lumaban kaya ito ay pokus sa tagaganap.

Pito ang uri ng pokus ng pandiwa.

1. Pokus sa tagaganap
2. pokus sa layon
3. pokus sa ganapan
4. pokus sa tagatanggap
5. pokus sa gamit
6. pokus sa sanhi
7. pokus sa direksyon

a. **Pokus sa Tagaganap**

Ang pandiwa ay nasa pokus na tagaganap kapag ang paksa ng pangungusap ang tagaganap ng kilos na sinasaad sa pandiwa. ang mga pangunahing panlaping nsa [pokus tagaganap ay mag- at um-/-um.

Halimbawa:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| mag- | maghimagsik |
| -um/-um | lumahok |

Pangungusap:

Nagtungo ang mga tao sa harap ng kongreso.

b. **Pokus ng layon**

Nasa pokus sa layon ang pandiwa kung ang layon ang paksa sa pangungusap. Ang mga panlaping ginagamit sa pagpapahayag ng pokus sa layon ay ang mga sumusunod:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| i- | ibabalita |
| -an | |
| ma | mawala |
| ipa | ipalathala |
| -in | dininig |

Pangungusap:

Ang pangyayari ay ibinalita sa bawat barangay.

c. **Pokus sa Ganapan**

Ang pandiwa ay nasa pokus sa ganapan kung ang paksa ay ang lugar o ganapan ng kilos. Ang mga panlaping ginagamit sa pagpapahayag ng pokus sa ganapan ay ang mga sumusunod:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| -an/-han | pinintahan |
| pag - - - -an/ -han | pinagpulungan |
| mapag - - - - -an/-han | pinagdebatehan |

Pangungusap –

Ang kongreso ay pinagpulungan ng mga nasa mababang kapulungan.

d. **Pokus sa tagatanggap**

Sa pandiwang nasa pokus sa tagatanggap, ang pinaglalaanan ng kilos ang siyang simuno ng pangungusap. Ang mga panlaping ginagamit sa pokus sa tagatanggap ay ang mga sumusunod:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| i- | ikuha |
| ipang- | ipanguha |
| ipag- | ipagsandok |

Pangungusap: Si Presidente Arroyo ay ipinanguha ng mga ebidensya ng kanyang mga kasapi sa partido.

e. **Pokus sa gamit**

Ang mga pandiwang nasa pokus sa gamit ay nagsasaad na ang kasangkapan o bagay na ginagamit upang maisagawa ang kilos ng pandiwa ay siyang paksa o simuno ng pangungusap.Ang mga sumusunod ang panlaping ginamit:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| ipang- | ipangguhit |

Pangungusap: Ang pintura ay ipinangguhit sa larawan.

f**. Pokus sa sanhi**

Ang pandiwa ay nakapokus sa sanhi kung ang paksa ay nagpapahayag ng sanhi ng kilos. Nasa ibaba ang panlaping ginamit:

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| i- | iniluha |
| ika- | ikinagalit |
| ikapang- | ikinapamayat |

Pangungusap: Ikinagalit ng pangulo ang kapabayaan ng kanyang mga tauhan.

g. **Pokus sa direksyon**

Nasa pokus sa direksyunal ang pandiwa kung ang paksa ay nagsasaad ng direksyon ng kilos ng pandiwa. Ang panlaping ginagamit ay :

| Panlapi | Pandiwa |
|---|---|
| -an | pinasyalan |
| -han | pinuntahan |

Pangungusap: Pinasyalan ng pangulo ang bahay-ampunan.

Kung tapos mo nang basahin ang impormasyon tungkol sa Pokus ng Pandiwa, inaasahan kong naunawaan mo ito at upang makatiyak na naintindihan mo ang iyong binasa, gawin mo ang kasunod na pagsasanay.

**Gamitin:**

**Gawain 1:**

**Panuto:** Basahin at unawain mo ang nasa ibaba. Pagkatapos, sagutin mo ang mga kasunod na tanong. Titik lamang ang isulat.

HDO kay Garcillano

Inilagay na sa watch list noong isang araw ang pangalan ni dating Commission on Election Virgilio Garcillano bunsod ng kahilingan ng Mababang Kapulungan ng Kongreso dahil sa hindi nito paglutang sa joint committee investigation kaugnay sa “Hello Garci” tape controversy.

Sinabi ni Immigration Commissioner Alipio Fernandez Jr. na agad na siyang umaksyon kahit hindi pa natatanggap ang pormal na request ng Kamara para sa pag-iisyu ng hold departure order laban sa dating opisyal ng COMELEC.

Kahit watchlist pa lamang umano ay sapat na upang pigilin si Garcillano habang nakabinbin pa kung iisyuhan ito ng HDO dahil nasa kapangyarihan ng korte at DOJ ang mag-uutos sa Immigration para sa pag-iisyu ng HDO.

Sa watchlist order, maaaari nang dakpin si Garcillano ng sinumang immigration officer sa oras ng maispatan ito sa alinmang paliparan at daungan sa bansa upang i-turn over sa Philippine National Police o sa National Bureau of Investigation.

Samantala sa kabila ng warrant of arrest na inisyu ng Kamara laban kay Garcillano, malabo umanong maibalik ito sa bansa, sakaling nakalipad ito palabas, kung isasailalim sa extraditon treaty, ayon kay Justice Secretary Raul Gonzales.

"There is no way we can extradite him," anang kalihim.

Ipinaliwanag ni Gonzales sa kailangang masampahan muna ng kaso si Garcillano sa korte at mapatunayang nagtatago ito sa ibang bansa.

Subalit, sakali man matuklasan nasa ibang bansa si Garcillano, hindi rin umano basta makapaghain ng extradition request ang Pilipinas dahil dapat ding alamin kung ang kinakasangkutang kaso nito ay isang extraditable at depende kung ang article ng extradition treaty natin sa bansang pinuntahan ni Garcillano ay maari ito.

-Hango sa pahayagang PM
Agosto 5, 2005

1. Isulat mo ang mga pangungusap sa tumutugon sa tanong na ANO.

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
__________________________________________________________

2. Isulat mo ang pangungusap na tumutugon sa tanong na SINO.

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
__________________________________________________________

3. Isulat mo ang tanong na tumutugon sa tanong na BAKIT.

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
__________________________________________________________

4. Isulat mo ang pangungusap na tumutugon sa tanong na SAAN.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
____________________________________________________________

5. Isulat ang pangungusap na tumutugon sa tanong na KAILAN.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
____________________________________________________________

Kung tapos ka na, tingnan sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro kung tama ang iyong sagot.. Kung may mali ka, muli mong basahin ang teksto. Kung wala ka namang mali, dumako ka na sa susunod na gawain.

**Gawain 2**:

Panuto: Basahin mo ang bawat pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang paksa ng pangungusap, mga salitang nagpapahayag ng kilos , ang panlaping ginamit. at ang uri ng pokus ng pandiwa.

1. Binawi ng isa sa testigo sa jueteng ang kanyang pahayag.
2. Si Richard Garcia ay nagpahayag na si Se. Panfilo Lacson ang utak sa naganap na set-up sa kanya.
3. Nagkita sila ni Lacson sa Western Phil. Plaza.
4. Humingi siya ng tawad sa pangulo.
5. Magkikita raw sila ng senador , kasama ang isa pang jueteng witness na si Boy Mayor.

| PAKSA SALITANG | NAGPAPAHAYAG NG KILOS | URI NG POKUS NG PANDIWA |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**Gawain 3:**

Panuto: Pansinin mo ang mga salitang may salungguhit sa bawat pangungugsap. Gawin mo itong paksa ng pangungusap upang maging malinaw ang impormasyong ibinibigay nito. Isulat mo sa tabi ng iyong sagot ang uri ng pokus ng pandiwa.

1. Itinanggi ni <u>Lingayen Dagupan Archbishop Oscar Cruz</u> ang kinalaman niya sa jueteng.
2. Siya ay lumutang upang <u>maging testigo laban sa unang pamilya.</u>
3. Si Richard Garcia ay humingi ng <u>tawa</u>d kay Pangulong Arroyo.

4. Magsasabi raw siya ng katotohahanan <u>para sa sambayanan</u>.
5. Ipinakita niya ang pagsisisi sa <u>pamamagitan ng pag-iyak.</u>

Tingnan mo , madali lamang. Kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung may mali ka, muli mong basahin ang pagsasanay na ito. Kung tamang lahat ng iyong sagot , ipagpatuloy ang iyong pagbabasa.

**Lagumin:**

Isulat mo ang tinutuloy. Piliin mo sa ibaba ang tamang sagot.

1. Ang tawag sa relasyong pansemantika ng pandiwa o paksa ng pangungusap.
2. Ang pokus ng pandiwa na nagsasaad ng pinagganapan ng kilos
3.Ang pokus ng pandiwa na nagsasaad ng tagaganap ng kilos na sinasaad ng pandiwa
4. Ang pokus ng pandiwa na nagsasaad ng pinaglalaanan ng kilos ng pandiwa
5. Ang pokus ng pandiwa na nagsasaad ng kasangkapan upang maisagawa ang kilos ng pandiwa
6. Ang pokus ng pandiwa na nagsasaad ng bagay na tinutukoy ng kilos ng pandiwa.

| | | |
|---|---|---|
| pokus sa layon | pokus ng pandiwa | pokus sa kagamitan |
| pokus sa ganapan | pokus sa tagatanggap | pokus sa tataganap |

7-8.. Sa pangungusap na," Pinatawag sa Senado ang mga witness., ano ang paksa ng pangungusap at ano ang pokus ng pandiwa?
9-10. Alin sa kasunod na pangungusap ang paksa nito at ano ang panlaping ginamit sa salitang nagpapahayag ng kilos?
Patuloy na pinag-aaralan ng mga mambabatas ang impeachment case ni Pangulong Arroyo.

Kung nahirapan ka pa rin, muli mong basahin ang gawain. Kung tama ang lahat ng iyong sagot, dumako ka sa susunod na gawain.

**<u>Subukin</u>**

Panuto: Isulat mo ang paksa ng pangungusap at ang salitang nagpapahayag ng kilos o galaw. Isulat mo rin ang uri ng pokus ng pandiwa.

1. Inaprubahan na ng Malacañang ang pagbuo ng Consultative Commission.
2. Sila ay magsusulong ng pagbabago sa Chater Change.
3. Ang proyekto ng DPWH ay pinaglaanan ng 10 milyong piso.
4. Ang komite ay bumuo ng grupong susuri sa aplikante.
5. Ang Kongreso pa rin ay magbibigay ng pinal na desisyon.
6. Ang Malacañang ay pinagdausan ng pambansang panayam.
7. Ikinapanatag ng kalooban ng Unang Pamilya ang paglalantad ng testigo sa jueteng.

| PAKSA NG PANGUNGUSAP | NAGPAPAHAYAG NG KILOS | POKUS NG PANDIWA |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Kung tapos ka na sa pagsagot, nasa iyong guro ang susi sa pagwawasto.iwasto mo ang iyong sagot. Kung may mali ka pa, muli kang magbasa ng mga sagot dito. Kung wala kang mali, magpatuloy ka sa susunod na gawain.

**Paunlarin :**

Panuto: Suriin mo ang larawan sa ibaba. Bumuo ka ng mga pangungusap na nagpapakita ng iba't ibang pokus ng pandiwa.

# *Sub-aralin 2*

## *Panandang Kohesyong leksikal*

**Layunin**

- Natutukoy ang ugnayan ng mga bahagi ng teksto sa pamamagitan ng mga panandang kohesyong leksikal
- pag-uulit
- kasingkahulugan
- kasalungat

Naiuugnay ang paksang inilahad sa teksto sa mga kasalukuyang pangyayari

- Nakapag-uugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbuo ng talata

**Alamin**

Basahin mo ang usapan:

Bakit ganoon? Sila ang nakapanakit.
Sila ang nakalamang. Sila pa ang nagreklamo
sa barangay. Sila pa ang malakas ang loob.

Talagang ganoon./ Alam nilang
wala kang ikakaya. Sila ang
malakas, may padrino.
Mayroon ka ba noon?





Ganyan ba talaga? Paano na
ang pamilya ko? Paano na ako?
Paano na ang trabaho ko?

Huwag kang mawalan ng pag-asa.
Lakasan mo ang iyong loob.
Magpakatatag ka.

Mga tanong :

1. Ano ang paksa ng usapan?
2. Ano sa palagay mo ang suliraning nangingibabaw sa nasabing usapan?
3. Nangyayari ba sa kasalukuyan ang sitwasyong ipinahihiwatig dito?

Pansinin mo ang paraan ng usapan. Ipagpatuloy mo ang pagbabasa nang lalo mong maunawaan ang mga pahayag.

**Linangin**

**Leksikal –** mga salitang nagkakawing o nag-uugnay sa mga pangungusap kabilang dito ang reiterasyon.

Reiterasyon – pagkakawing ng mga salita na leksikal sa paggamit ng pag-uulit, singkahulugan at kasalungat na kahulugan.

Signal na Kohesyon

a. Pag-uulit – mga salita o parirala na ginamit nang paulit-ulit sa pahayag.

Halimbawa: Walang aalis, walang lalabas, walang susuway. Ang sumuway ay mamamatay.

b. Singkahulugan o Sinonim – pagbibigay-kahulugan sa mga salita o pariralang nabanggit sa loob ng pangungusap

Halimbawa : Marahas at mapusok ang mga nagwewelga.

.

c. Kasalungat o Antonim – salita na may kabaligtarang kahulugan ng isa pang salita.

Halimbawa:. Nagtagumpay man siya sa kanyang trabaho, nabigo naman siya sa buhay-may-asawa.

Matapos mong basahin ang kaalaman tungkol sa signal na kohesyon, gawin mo ang kasunod na gawain. Huwag kang mabahala sapagkat madali lamang ito.

**Gamitin**

**Gawain 1:**

Panuto: Ayusin mo ang ginulong mga letra na nasa loob ng bilog upang matukoy ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit. Pagkatapos, suriin ang mga sumusunod na pangungusap kung pag-uulit, kasingkahulugan o kasalungat ang signal na leksikal. Isulat mo sa hiwalay na papel ang sagot.

1. Labis na ikinabahala ng mga mamamayan ang paglaganap ng dengue kaya nag- aalalang nagtungo sila sa pagamutang- bayan upang sumangguni.

N B
A M A
G N A

______________________________

2. Hindi niya ito masakyan, minsan ayaw nitong sumama, minsan ito pa ang nagyayaya.

M N U
A A N
A W A

______________________________

3. <u>Nabalam</u> ang sasakyan ng pangulo dahil sa mga nakahambalang na sasakyan.

T A N
A
N L A
A

____________________________

4. <u>Ibinunyag</u> ng National Bureau of Investigation ang katotohanan, sa kabila ng kahilingan ng kabilang panig na ito ay ipaglihim.

I D A N
L I N A
T

____________________________

5. <u>Nagitla</u> ang mga tao sa biglang pagsulpot ng isang taong may hawak na itak.

T N U
A L G
A

____________________________

| KASINGKAHULUGAN | SIGNAL NA LEKSIKAL |
| --- | --- |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

**Gawain 2**

A. Panuto: Basahin mo nang tahimik ang teksto. Pagkatapos, sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

Kailan Gigising ang mga Pulis?

Isang araw ng suweldo, dalawang magkasunod na holdap ang nangyari. Isa sa Ortigas Center, Pasig City at sa Marikina City. Naganap ang panghoholdap sa Ortigas dakong alas-diyes ng umaga at sa Marikina ay nangyari naman alas-dos ng hapon. Malagim ang nangyaring holdapan sa Marikina sapagkat dalawa katao ang namatay at isa ang nasugatan. Wala namang namatay sa Ortigas robbery pero apat katao ang nasugatan. Hanggang ngayon, isang linggo na ang nakalilipas ay wala pang nadarakip ang pulisya sa dalawang magkasunod na holdap. Maaaring nagpaplano naman ang mga masasamang-loob para mangholdap, mangidnap o anumang kasamaan at masosorpresa na naman ang mga pulis.. Tiyak na mangangapa sila sa dilim kung paano lulutasin ang krimen.

Laging nalulusutan ang mga pulis at bihira nang makatiyempo ng mga masasamang-loob at maagapan ang gagawing pagnanakaw o pangingidnap. Paano'y hindi namimintina ng mga pulis ang pagpapatrulya sa kanilang nasasakupan.

Ganyan ang nangyari sa Ortigas kaya malayang naholdap ang isang armored van ng anim na lalaki. Wala ni isang pulis na nagpapatrulya sa nasabing lugar. Ang mga pulis na dapat sana ay nagra-rounds sa Ortigas Center ay nasa harapan ng Robinson's Galleria at ewan kung ano ang binabantayan doon. kalahating kilometro mula sa pinangyarihan ng holdap ay may satellite office kung saan ay naka-base ang mga matitinik (kuno) na special weapons and tactics team (SWAT).

Wala sila. Walang-wala kaya malayang nakasalakay ang mga halang ang kaluluwa.

Hindi lamang ang mga holdapan sa banko ang namamayani sa kasalukuyan Patuloy din ang holdapan sa mga pampasaherong jeepney, bus at FX taxis. Sabi ng PNP, bubuhayin ang mga secret marshals sa mga bus para maprotektahan ang mga pasahero sa mga holdaper. Natupad ba ito? Sabi ng PNP, paglalakarin ang mga pulis para mag patrulya sa mga matataong lugar. Nasaan sila? Noong nakaraang linggo, isang 11-anyos na batang Tsinoy ang nakidnap..Naiiwan namang katanugan sa taumbayan, na anong estilo ba ang ginagawa ng kapulisan at lagi silang nalulusutan ng mga halang ang kaluluwa. Maaaring kulang sila sa presensya . Walang makitang nagpapatrulya. O kung may makita man, iba ang kanilang lakad. Kailan gigisng ang mga pulis? Ito ang tanong naming lalung-lalo na kay General Lomibao.

Hango sa pahayagang PM , Agosto 22,20045.

1. Naganap ang panghoholdap sa Ortigas dakong alas Diyes ng umaga at sa Marikina, nangyari naman ay bandang alas-dos ng hapon. Sa pahayag, nangangahulugan na ___________.
   a. laganap ang holdap
   b. maraming holdaper sa bansa.
   c. di mapigilan ang holdap
   d. bahagi ng buhay ang holdap.
2. Wala sila. Walang-wala kaya malayang nakasasalakay ang mga halang ang kaluluwa. Ang tinutukoy na wala sila ay _______________.
   a. holdaper
   b. kidnaper
   c. mga pulis
   d. masasamang loob

3. Wala ni isang pulis na nagpapatrulya sa nasabing lugar. Ito ay nasa harap ng Robinson's at ewan kung ano ang binabantayan. Sa pahayag, ang pulis ay _________.
    a. laging wala                                 c. hindi nagpapatrulya
    b. pabaya sa tungkulin                  d. di alam ang gagawin.
4. Ayon sa teksto, bakit daw laging nalulusutan ang mga pulis at bihirang makatiyempo ng masasamang-loob?
    a. Hindi namimintina ang pagpapatrulya
    b. Mahihina ang mga alagad ng batas
    c. Makapangyarihan ang masasamang – loob.
    d. Hindi nagpapatrulya ang pulis.
5. Ang kaisipang nangingibabaw sa teksto ay ___________.
    a. laging maniwala sa kakayahan ng pulis.
    b. bawat pulis ay may tiyak na lugar na nakatakda.
    c. mahalaga ang pagganap ng tungkulin.
    d. walang magagawa ang pulis sa mga kriminal.

**Gawain 3:** . Sa tulong dayagram, ibigay mo ang pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan sa balitang nasa Gawain 2.

| PANGUNAHING KAISIPAN | PANTULONG NA KAISIPAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Tapos ka na ba? Kung gayon, kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Pagkatapos, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Lagumin**

Panuto: Punan mo ng angkop na sagot ang patlang.

Ang _______1_________ ay salitang nagkakawing sa mga pangungusap at kabilang dito ang reiterasyon.

Ang _________2__________ ay pagkakawing ng mga salita na leksikal sa paggamit ng pag-uulit, singkahulugan at kasalungat.

Ang _________3___________ ay mga salita o parirala na guinagamit nang paulit-ulit sa pahayag.

Ang singkahulugan o _________4________ ng mga salita ay pagbibigay – kahulugan sa mga salita o pariralang nabanggit sa loob ng pangungusap.

Kasalungat o _______5________ ay mga kabaligtarang kahulugan ng isa pang salita sa loob ng pahayag..

Upang matiyak mong naunawaan mo ang iyong aralin, subukin mong sagutin ang kasunod na gawain.

**Subukin:**

A. Panuto: Isulat mo sa hanay ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit at pagkatapos, ibigay mo ang uri ng kohesyong leksikal.

1. Natiklo na rin sa wakas ang hinihinalang ulo ng holdap sa isang bangko ngunit pinakawalan din matapos na ito ay makapagpiyansa.
2. Basura rito, basura roon, basura sa paligid. Talagang perwisyo!
3. Minsan pang napatunayang ang puwersa ng PNP nang madakip ang grupo ng kabataang sangkot sa droga sa kabila ng sinasabing anak ito ng mga prominenteng tao sa kamaynilaan.
4. Kung may merito man o wala ang akusasyon sa pangulo, bahala na lang daw ang Kongreso.
5. Natuto na rin ang tao sa People's Power na nagpatalsik sa Rehimeng Marcos kaya maaari nating muling paalisin sa pwesto ang sinumang magsasamantala sa kanyang tungkulin.

| Salitang May salungguhit | kahulugan | Signal na Kohesyon |
|---|---|---|
| | | |

B. Suriin mo ang kasunod na teksto at sagutin ang kasunod na gawain.

## E-mail ang Bagong Koreo

Isa pang magandang gamit ng internet ay ang tinatawag na email o electronic mail. Sa pamamagitan ng email ay maaari kang sumulat at agarang maipadala ito kaninuman at saanmang dako ng mundo basta mayroon rin ito ng tinatawag na email address.

Parang ganito iyan eh: Kapag kumuha ka ng email address na pwedeng padalhan ng sulat ng sinumang nakaaalam nito. At sa loob lamang ng ilang saglit ay maaari mo nang matanggap

ang mensahe na maaari mo nang matanggap ang mensahe na maaari mo ring gawin upang mabilis na matugunan ang sulat.

Basta may address ka na ay okay na., pwende ka nang sulatan. Dati ang pagkakaroon ng email address ang tinatawag na marka ng pagiging netizen (short for citizen of the internet), hindi na uso ang salita na iyon.

Ang maganda pa sa email ay halos instantaneous ito, bumilang ka ng sampu makatapos mong ipadala ang sulat ay malaki ang pagkakataon ba bakarating na sa pinadalhan mo ang sulat. Hindi tulad ng koreo na inaabot ng linggo.

Kung wal pa kayong email pero may mga kaibigan kayo na mayroon na, ito na siguro ang magandang pagkakataon na matuto ka na hindi lamang ng email kundi maging ng paggamit ng internet. Magpaturo ka na sa marunong o kaya ay pumunta sa isang internet shop at magpaturo sa kanila.

Sa mga first timer ilang payo: Hindi lahat ng inyong nakikita sa internet ay totoo. Maraming manloloko na nagsasabi na may napanalunan ka na ganito at ganiyan. Madalas sa hindi, manggagancho ( o ang bansag natin ay "asoge") ang mga iyon.

Huwag rin basta-bastang ibigay ang email kahit saan at kung kani-kanino. Ipamimigay mo ba ang address mo sa bahay kahit kanino?

Hindi di ba? Ganun din ang email address . At matutong gumamit ng nickname o aliassa internet. Kasi may mga "asoge" sa internet na kapag nalaman ang pangalanmo ay mahahanap na nila lahat ng tungkol sa itong pangalan sa kung ano.

Ang internet ay parang kahit anong lugar na hindi mo alam. Huwag kang gumala sa mga madidilim na lugar at huwag makikipagkilala sa kung sinu-sino, ok?

1. Ang e-mail ay _____________
   a. maaari kang sumulat kaninuman, saanman
   b. pagkuha ng address ng sinuman para sa ibang bansa
   c. paggamit ng nickname o alias sa internet
   d. paghahanap ng anumang impormasyon gamit ang internet

2. Sa e-mail, maaaring kang ______________
   a. magpaturo sa isang kaibigang may e-mail
   b. magtungo lagi sa mga internet shop
   c. makatanggap ng mensahe sa loob ng ilang saglit
   d. magbigay ng iyong e-mail address kaninuman

3. Dapat tandaan na _______________
   a. hindi lahat ay maaaring gumamit ng e-mail
   b. hindi lahat ay nakikita sa internet ay totoo
   c. hindi makapag- ee-mail ang may internet
   d. hindi makapag- internet nang walang e-mail

4. Ang teksto ay tungkol sa ___________
   a. e-mail sa internet
   b. e-mail bilang bagong koreo
   c.e-mail bilang gamit sa panloloko
   d. e-mail bilang paraa ng pakikipagkaibigan

5. Sa kasalukuyan, ang e-mail ay _________________.

a. mahalaga sa agarang komunikasyon c. importanteng matutunan ng tao.

b. kailangan sa internet. d. dapat magkaroon ang lahat.

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Upang lalo mong maunawaan ang aralin, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**PAUNLARIN:**

Basahin mo ang teksto. Pagkatapos, gawin mo ang dayagram sa ibaba at ipaliwanag ang sagot. Kumuha ka ng hiwalay na papel na gagamitin mo sa pagsagot.

## Jueteng at pulitika

Habang tinatalop ng pagsusuri at testimonya ng parami nang paraming may kaalaman sa mga pangyayari noong eleksyon ng 2004, lumilitaw na ang malalim na ugnayan ng illegal na sugal ng jueteng sa pulitika ng bansa.

Matagal nang tanggap ng marami, lalo na rito sa Luzon, ang pagkakalaganap ng jueteng na tila ay hindi masugpu-sugpo. Talasan man ng Kongreso ang parusa sa mga sangkot sa ilegal na gawaing ito, wala namang napaparusahan at tila bulag ang mga maykapangyarihan sa pagsawata nito.


Matagal na ring alam ng nakararami sa mga munisipyo at lalawigan na ang mga operator at financier ng jueteng ay nag-aambag ng malaki para sa mga kandidatong lokal, maging alkalde o mga konsehal, maging gobernador at bokales, at pati na rin sa mga representante ng kani-kanilang distrito sa Kongreso. pero tila ngayon lamang namulat ang bansa sa pagkakasangkot ng jueteng lords sa halalang namulat ang bansa sa pagkakasangkot ng jueteng lords sa halalang nasyonal, lalo na sa pagka-pangulo pa mismo ng bansa. Batay sa testimonya ni Louie Zuce, na may koneksyon din sa ilang pananalita ni Comelec commissioner Virgilio Garcillano sa kontrobersyal na Hello Garci tapes. ay mismong si Gng. Baby Pineda, maybahay ng pinaghihinalaang pinakamalaking jueteng lord sa bansa, ang siyang nag-aabot ng pabuya sa mga provincial election supervisors noong nagdaang halalan ng 2004 at ilang beses na mismong sa bahay ni Pangulong Arroyo nangyari ang pag-aabot ng pabuyang ito.

Kung magkakaroon ng iba pang testigo na nagsususog sa testimonya ni Zuce sa Senado, titibay ang kaso laban kina Pangulong Arroyo at Pineda. Magiging malilinaw ang pagkakasangkot ng salapi galing sa ilegal na sugal at pagpapanalo ng halalan ng mga opisyal ng pamahalaang nasyonal at yamang sa bahay pa mandin ni Ginang Arroyo nangyari, tiyak na marami pang nakasaksi. Kapag nagsilabas ang mga ito at pinatotohanan ang sinabi ni Zuce, tiyak na ang “betrayal of public trust” at “culpable violation of the Constitution” ni Ginang Arroyo.

Ano ang kabayaran ng masugid na pagtulong ng mga Pineda kay Ginang Arroyo, sakaling ito ay mapatunayan? Natural, may kapalit. At ito na nga ang siyang siniwalat naman ni Boy Mayor, ang unang testigo ni Arsobispo Cruz sa Senado, na tila sinu-solo na ni Pineda ang pagpapabola ng jueteng sa lahat ng lalawigan sa Luzon. At sa laki ng kinikita na hinuhuthot naman sa maraming mahihirap na naeenganyo sa bisyo, e kaya nga namang bawiin, at pagtubuan

pa ng makailang beses, ang ginugol sa halalan. Mantakin mong anim na taong raratsada ang monopolyo sa jueteng!

Nakalulungkot isipin na ang isang pangulong naluklok sa kapangyarihanng dahil sa ang kanyang pinalitan ay nasangkot sa jueteng, ay jueteng din pala ang paiiralin upang maitustos sa sarili niyang halalan. Tila baga wala nang natutunang leksyon. O di kaya, sadyang dinadaan na lamang sa garapalan ang paglabag sa batas ng bansa at sa mga prinsipyo ng moralidad.




## *Sub-aralin 3*

### *Ang Tekstong Ekspositori at ang katangian nito*

**Layunin**

- Nasusuri ang tekstong ekspositori
- Nakapaglalahad ng simpleng pagpapaliwanag ng mga konsepto, palagay, haka-haka o kuru-kuro batay sa pansariling pananaw
- Nasusuri ang teksto batay sa tiyak na katangian nito:
- relasyon ng teksto sa mambabasa

- layon ng teksto
- Naipahahayag ang sariling opinyon at saloobin sa pasulat na paraan

**Alamin:**

A. Suriin ang nasa loob ng

Panuto: Lagyan ng ekis ang bawat ikalawang letra upang matukoy ang salita na nasa loob ng kahon. Magsimula sa X.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **X** | **E** | **A** | **K** | **B** | **S** |
| **I** | | | | | **Z** |
| **H** | | | | | **P** |
| **R** | | | | | **C** |
| **N** | | | | | **O** |
| **O** | | | | | **W** |
| **A** | **T** | **G** | **I** | **V** | **S** |

Ano ang nabuong salita? Upang higit kang magkaroon ng kabatiran sa salitang nabuo, basahin mo at unawain ang kasunod na impormasyon.

**Linangin**

Ang tekstong ekspositori ay naglalahad ng mga simpleng pagpapaliwanag ukol sa mga konsepto at mga palagay batay sa pansariling haka-haka, opinyon, pananaw o pagkaunawa ng sumulat.

Relasyon ng teksto sa mambabasa- Sa pag-unawa sa teksto, dito hinahanap ang bisang pangkaisipan, bisang pandamdamin at bisang pangkaasalan ng teksto sa mambabasa.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa. Tingnan nga natin. Sagutin mo ang mga kasunod na gawain.

**Gamitin:**

A. Panuto: Basahin mong  mabuti ang kasunod na teksto. Pagkatapos, sagutan mo  ang kasunod na pagsasanay.

## Yosi Kadiri

Matagal na buhat nang pasimulan ang iba't ibang programa ng ating pamahalaan kaugnay sa paninigarilyo ng maraming Pilipino subalit sa kabila nito ay patuloy pa ring lumalaki ang populasyon ng mga smokers kung saan sa pag-aaral ng Department of Health, lumilitaw na mula 7 taon nagsisimulang manigarilyo ang mga bata ng kasalukuyang henerasyon.

Nasa 13 hanggang 15 anyos naman ang gulang ng mga kabataan na nagiging regular na smokers. Kasabay nito ay umalsa rin ang bilang ng mga kaso ng pagkasawi sa ating bansa kung saan isang tao bawat 13 segundo o isang milyon katao kada taon ang namamatay dahil sa paninigarilyo.

Sa pinakahuling tala ng Philippine Health Statistics 2000, may kabuuang 6, 395 na ng mga Pinoy na namamatay sanhi ng iba't ibang sakit sa baga o may 8.4 death rates bawat 100,000 ng populasyon. Ang datos na ito ay binubuo ng 4, 787 na mga kalalakihan at 1,608 na mga kababaihang pumanaw matapos na dapuan ng samu't saring sakit sa baga. Napag-alaman na 90% ng lung cancer deaths ay dulot ng paninigarilyo base na rin sa pagsasaliksik ng mga dalubhasa sa World Health Organization (WHO).

Ang pinsalang ito ng sigarilyo sa ating katawan ay dulot ng complex mixtures ng organic ay inorganic compounds mula sa nasusunog na sigarilyo kung saan ang usok nito ay nagtataglay ng tar, na binubuo ng 4,000 kemikal, kabilang ang mahigit sa 60 pang hindi natutukoy na kemikal na nakapagdudulot ng cancer. Ilan sa nakumpirmang kemikal na taglay ng usok mula sa sigarilyo ay ang cyanide, benzene, at methanol (wood alcohol) at acethylene (langis na gamit sa pagwewelding) at ammonia.

Ang dagliang pangungulubot ng balat, matinding sipon, mabahong hininga at pagkabaog ay ilan pa sa dulot ng paninigarilyo. Ito rin ang pinakamataas na sanhi ng atake sa puso, stroke, pagtaas ng blood pressure, paglapot ng dugo bronchitis, pneumonia, matigas na ubo sa mga bata at iba't ibang impeksiyon sa tainga, pagbagsak ng sistema ng baga at kanser sa (baga, lalamunan, matris, pantog at iba pang organs). Hindi lamang mapanganib sa mga naninigarilyo ang usok kundi maging sa mga taong nakalalanghap nito ang tinatawag na secondhand smoke na nagdudulot rin ng cancer dahil sa reaksyon ng ating mga living cells sa usok. Samantalang higit na pinsala naman ang matatamo ng isang buntis sa paninigarilyo o ang tinatawag na maternal smoking, kung patuloy pa rin ito sa paghithit ay mistulang hinuhukay na niya ang kamatayan nilang mag-ina dahil sa lubhang epekto ng usok ang blood stream na naghahatid ng nutrisyon sa katawan ng ina maging sa sanggol habang kamatayan naman sa ina kung maging malubha ang lahat .

Dalawa hanggang tatlong beses naman ang hatid na panganib na magkaroon ng lung cancer ang isang may bahay na nakapag-asawa ng lalaking talamak na sa paninigarilyo.pero sa kabila ng mga bantang ito sa ating kalusugan na maaaring humantong sa maagang kamatayan, isang masaklap na katotohanan na patuloy ang pagkalulong sa masamang bisyo na ito ng maraming Pinoy na malaking kabawasan rin sa pang- araw-araw na budget ng isang pamilya,


dahil sa halip na sa pagkain panustos sa edukasyon o sa anumang dagliang pangangailangan ay napupunta pa sa sigarilyo na wala namang mabuting naidudulot sa katawan.

Marami na ang ipinayong hakbang para makaiwas o tuluyang kumawala sa paninigarilyo subalit para sa may akda ang buong pusong disiplina ay sapat na para sa taong nagpapahalaga hindi lamang sa kanyang kalusugan kundi maging ng kanyang mga mahal sa buhay.

Hango sa PM Agosto, 2005.

**YOSI KADIRI**

**Gawain 1:** Sa tulong ng dayagram sa ibaba, ibigay mo ang pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan.




**Gawain 2:** Batay sa tekstong binasa, isulat mo sa angkop na hanay ang kapinsalaan at reaksyon mo ukol dito.Kumuha ka ng hiwalay na papel na pagsusulatan mo ng iyong sagot..

| KAPINSALAAN | REAKSYON |
|---|---|
| | |

**Gawain 3:**Isulat mo sa hiwalay na papel ang hinihingi sa dayagram sa ibaba.

| BISANG PANDAMDAMIN | BISANG PANGKAISIPAN | BISANG Pangkaasalan |
|---|---|---|
| ↓ | ↓ | ↓ |
| | | |

Marahil sapat na ang mga gawain. Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Lagumin:**

A. Panuto: Ayusin mo ang mga ginulong salita sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| NAGLALAHAD | EKSPOSITORI | PAGPAPALIWANAG | | | |
| NG | UKOL | AY | SA | MGA | KONSEPTO |
| AT | MGA | BATAY | PANSARILING | PALAGAY | |
| SA | OPINYON | O | PANANAW | HAKA-HAKA | |

Nadalian ka ba sa iyong ginawa? Teka, may kasunod pa iyan. Basahin mo ang kasunod na teksto. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na gawain..

**Subukin :** Basahin mo ang teksto. Pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na pagsubok.

## KAMANDAG NG DENGUE SA ISANG KAGAT

Ang dengue ay unang natuklasan nang magkaroon ng epidemya ng sakit noong dekada 50 sa Pilipinas at Thailand. Sa pagdaan ng panahon ay naging endemic o laganap na rin ang sakit sa mahigit na 100 na bansa Africa, America, South East Asia at Western Pacific. BAtay sa pagkalkula ng World Health Organization (WHO), aabot sa 50 milyong kaso ng dengue ang naitatala sa buong mundo kada taon.

**Saan Nagmumula ang Dengue at Paano ito Kumakalat?** Ang dengue ay isang mosquito-borne infection. Wala pang malinaw na paliwanag kung paano nakukuha ng tao ang virus na nakamamahay sa isang tao ay maaaring maipasa sa iba kung makagat siya ng lamok na siyang magiging carrier nito.

Ang babaeng lamok na Aedes Egypti ang siyang nagsisilbing tagapagkalat ng dengue virus. Sa sandaling masipsip ng isang Aedes mosquito ang isang dengue- infected person sa panahon na buhay ang virus sa dugo ng tao ay maaari na niya itong maipasa sa iba pang tao sa pamamagitan ng pagkalat naman sa isang hindi apektado ng virus at doon na nagsisimula ang paulit-ulit na transmission o paglipat-lipat ng virus dahil dala ng lamok ang nasabing virus habam-buhay nito.

Kung ang isang tao ay wala namang dengue virus sa kanyang katawan, kahit kagatin pa siya ng isang Aedes mosquito na hindi pa apektado ng virus, hindi pa rin siya magkakasakit ng dengue.

Bagamat napatunayan na ang tao ang siyang pangunahing host ng dengue virus, may ilang pag-aaral na nagmumungkahi na posibleng may mga unggoy sa ilang parte ng mundo ang pinagmulan din ng virus.

**Mga Palatandaan ng Dengue:** Ang pangunahing sintomas ng dengue ay maihahalintulad sa trangkaso-paglalagnat, pananakit ng ulo at pananakit ng katawan. Subalit ang mahalagang dapat tandaan sa dengue ay naghahatid ito ng napakataas na lagnat na maaring umabot sa 40 degrees Celsius at may kasama na ring mapupulang rashes.

**Paano Nagagamot ang Dengue?** Dahil ang dengue ay viral infection, hindi ito maaaring gamutin ng antibiotic. Sa halip, kailangan lamang na palitan kung anuman ang nasira na ng virus sa loob ng katawan o sa dugo ng tao hanggang sa tuluyan ng “ma-flush out” ang virus sa katawan sa pamamagitan ng na volume replacement therapy.

**Pag-iwas sa Dengue.** Puspusan naman ang pagkilos ng Department of Health (DOH) upang maiwasan na maulit ang dengue epidemic sa bansa. Sa pamamagitan ng DOH anti-dengue program, nakikipagtulungan ito sa mga lokal na pamahalaan sa kampanya laban sa dengue. Kabilang sa pinag-uukulan ng pansin sa programa ay ang pagpapakalat ng impormasyon upang maiwasan ang pagkalat ng sakit dahil sa katunayan ang pinakamabisang paraan para maiwasan ito ay hindi na kailangan pang gastusan. Ang simpleng solusyon ay ang pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran upang hindi magkaroon ng pamamahayan ang mga lamok na maaaring magpakalat ng dengue virus.

1. Ayon sa teksto, ang dengue ay _____________________.
   a. natuklasan sa Pilipinas
   b. sakit na nakahahawa
   c. walang gamot na nakagagaling
   d. naghahatid ng napakataas na lagnat
2. Ang dengue raw ay _____________________.
   a. hindi naman delikado kaya di dapat mag-alala
   b. kailangang agapan nang di humantong sa kamatayan.
   c. galing sa taong may viral infection.
   d. dala ng lamok na galing sa Ehipto.
3. Maiiwasan daw ang dengue kung ____________________.
   a. may sapat na impormasyon ang tao ukol dito.
   b.pananatilihin ang kalinisan ng paligid.

c. papatayin ang lahat ng lamok sa Pilipinas.
d. nakikipag-ugnayan sa Department of Health.

4. Maihahalintulad sa sakit na _______________ ang dengue.
   a. rashes — c. trangkaso
   b. epidemya — d. lagnat
5. Ang pangunahing inaatake ng virus sa sakit na dengue ay __________.
   a. ulo    b.balat    c. dugo    d. baga
6. Layunin ng teksto na _________________.
   a. magbabala sa tao tungkol sa dengue.
   b. ipaliwanag ang mga impormasyon tungkol sa dengue.
   c. hikayatin ang tao na makipag-ugnayan sa DOH
   d. mailahad ang opinyon ng tao hinggil sa dengue.
7. Ang pangunahing kaisipang nangingibabaw sa teksto ay _____________.
   a. "Ang taong may sapat na kaalaman hinggil sa dengue ay hindi magkakasakit"
   b. "Ang Department of Health ay gumagawa ng paraan upang makaligtas sa dengue ang tao."
   c. "Sapat na impormasyon hinggil sa dengue ay paraan upang makaiwas dito."
   d. Ang pag-iwas sa dengue ay tungkulin ng bawat isang mamamayan.
8. Masasabing ang teksto ay tekstong ekspositori sapagkat ______________.
   a. naglalahad ito ng pagpapaliwanag sa isang konsepto at mga pahayag hinggil sa dengue.
   b. nagbigay ito ng iba't ibang impormasyon tungkol sa dengue at ang mga tiyak na pag-iwas dito.
   c. Tinalakay nito ang mga paksa na kailangang malaman ng mga tao.
   d. nanghihikayat ito na maglinis ang mga tao ng kanyang kapaligiran.

9-10. Upang maiwasan ang dengue, dapat na ______________.
   a. ireport sa DOH   ang taong may sakit na dengue.
   b. layuan ang taong may sakit na dengue.
   c. uminom ng maraming bitamina.
   d. panatilihing malinis ang kapaligiran
   e. itapon ang tubig na nasa mga gulong.

**Paunlarin**

Sumulat ka ng isa o dalawang saknong na may apat na taludtod hinggil sa kaisipang nakuha sa tekstong nasa SUBUKIN.

Kung tapos ka na, ipabasa mo sa iyong guro ang iyong ginawa.Maaari ka nang dumako sa susunod na gawain.

## *Sub-aralin 4*

### *Sumulat ka naman….*

**Layunin:**

- Natutukoy ang mga salita/pangungusap na naghuhudyat ng opinyon
- Nakasusulat ng isang balita batay sa orihinal na balita
- Nakapagsusuri ng mga tiyak na halimbawa ng balita
- at nakabubuo ng pasulat na reaksyon
- Nagagamit ang angkop na bantas sa pagsulat

**Alamin**

Panuto: Suriin mo ang nasa loob ng kahon.

Tanong:

1. Saan karaniwang nababasa ang mga nakatala sa loob ng kahon?
2. Ano ang alam mo sa mga ito?

Upang lalong lumawak ang kaalaman mo ukol dito, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Linangin**

Basahin mo ang kasunod na impormasyon.

A. Balita- mga pangyayari sa paligid na nagaganap sa pang-araw- araw na pamumuhay na maaaring paghanguan o pagbatayan ng balita.Ito ay mga hindi pangkaraniwang pangyayaring kinasasangkutan ng hindi pangkaraniwang mamamayan na mababasa sa pahayagan, mapanonood sa telebisyon o mapakikinggan sa radyo. Ito ay napapanahon at kumukuha ng atensyon ng mambabasa.

Iba't ibang uri ng balita:

1. Balitang Panlokal- mga mahahalagang pangyayaring tumatalakay sa isang tiyak na bahagi ng bansa.
2. Balitang Pambansa- mga pangyayaring nagaganap sa buong bansa.
3. Balitang Pandaigdig- mga pangyayaring nagaganap sa iba;t ibang bahagi ng daigdig.
4. Mga balitang tumatalakay sa iba't ibang larangan tulad ng balitang pang-edukasyon, balitang pampalakasan, balitang pangkabuhayan o pantahanan..

B. Paggamit ng bantas

Sa pagsulat, kailangang may kabatiran sa paggamit ng mga bantas.

1. Tuldok (.) – ginagamit bilang tanda na tapos na ang pangungusap.
2. Gitling (-) – ginagamit sa paghahati ng salita.
3. Panipi (“) – ginagamit sa pagsipi ng isang kaisipan o pahayag.
4. Tandang Pananong(?)—ginagamit sa pagtatanong.
5. Kuwit (,) – ginagamit sa pag-iisa-isa ng mga kaalaman.

Tingnan mo kung naunawaan mo ang iyong binasa. Sagutin mo ang kasunod na gawain.

**Gamitin**

**Gawain 1**

Panuto: Basahin at unawain mo ang kasunod na balita. Pagkatapos, bumuo ka ng reaksyon tungkol dito sa pamamagitan ng mga tanong sa ibaba.

**Walang Fare Hike**

Iginiit kahapon ng Integrated Metro Manila Bus Operators Association (IMMBOA) na hindi sila hihirit ng dagdag-pasahe sa pampasaherong bus.

Ito ay sa kabila ng planong paghirit ng fare increase ng mga jeepney operator at ng mga drayber bunsod na rin ng pagtataas ng presyo ng langis.

Ayon kay IMMBOA president Claire Dela Fuente, hindi pa napapanahon para humingi ng karagdagang pasahe dahil na rin sa nararanasang krisis sa pananalapi ng karaniwang mamamayan ng bansa.

Nilinaw ni Dela Fuente na kung sakaling naging matindi na ang epekto na pagtaas ng presyo ng langis ay iyon na ang tamang panahon upang humirit ng fare hike.

-Hango sa pahayagang BALITA
Agosto 29, 2005

Sagutin mo ang sumusunod na mga tanong.
:

A. Sino ang pinag-ukulan ng pansin sa balita?
B. Tungkol saan ang balita?
C. Kailan nangyari ang balita?
D. Saan naganap ang balita?

E. Bakit naganap ang balita?

**Gawain 2:** Bumuo ka ng balita batay sa balitang nasa gawain 1

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.Pagkatapos, ipagpatuloy mo ang gawain kasunod.

**Lagumin**

Panuto: Ayusin ang mga ginulong salita sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan.

| PANGYAYARING | ANG | DAIGDIG | BALITA |
| BAHAGI | AY | NG | DI |
| TIYAK | MGA | PANGKARANIWANG | SA | SA |
| ISANG | NA | PANAHON | IBA'T IBANG |
| NAGAGANAP |

Madali lang , hindi ba? Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Subukin:**

A. Panuto: Punan mo ng angkop na sagot ang patlang.

1. Ang balita ay isang di karaniwang _____________________ na nagaganap sa isang tiyak na panahon.

2-4. Ang balita ay maaaring _______________, ________________ at _______________.

5. Ang tanong na ________________ ang ginagamit sa pagpapahayag ng mga tanong na di gaanong maliwanag sa paksang tinalakay.

6. Ang bantas na __________________ ay ginagamit sa pag-iisa-isa ng mga kaalaman.

B. Panuto: Basahin mong mabuti ang kasunod na balita at sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

**Basilan Ferry bombing, 30 nasugatan**

Zamboanga, (AFP)- Umabot sa 30 katao ang sugatan kabilang ang siyam na bata sa pagsabog ng isang pampasaherong barko sa Lamitan, Basilan kahapon ng umaga.

Sa inisyal na pagsisiyasat, isinama ang homemade bomb sa kahon ng mga damit at itinabi sa mga tangke ng liquefied petroleum gas (LPG) kaya lumikha ito ng malakas na pagsabog habang nagsasakay ng pasahero ang barkong Dona Romana.

Wala pang umaako sa naturang pambobomba pero malaki ang paniniwala ng military na posibleng kagagawan ito ng teroristang Abu Sayyaf Group dahil sa ilang palatandaan sa uri ng ginamit na bomba.

Anim sa nasugatang pasahero ang malubhang nasunog sa katawan.

Ayon kay Basilan Army Commanding Brig. Gen. Raymundo Ferrer, ang ASG pa rin ang pangunahin nilang suspek sa insidente.

"It's an IED," patungkol ni Ferrer sa pinaigsing tawag sa improvised explosive device na ginamit sa pambobomba.

Batay sa testimonya ng mga saksi, isang kahina-hinalang lalaki ang nag-iwan ng kahon at mabilis na bumaba ng barko bago naganap ang pagsabog.

Sinabi ni Ferre na mabuti na lamang at hindi pa nakakapaglayag patungo ng Zamboanga ang barko na nagkakarga ng 300 pasahero nang maganap ang pagsabog.

B. 7. Ang balita ay tungkol sa ___________________________.
8. Ayon sa balita, sino ang hinihinalang may kagagawan ng pagsabog na naganap?
9. Anong uri ito ng balita?
10. Anong pangunahing impormasyon ang nakuha mula sa balita?

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Pagkatapos, ipagpatuloy mo ang gawain.

**Paunlarin:**

Muli mong basahin ang balita sa SUBUKIN. Bumuo ka ng sariling balita batay dito.

**Gaano ka na kahusay ?**

A. Piliin mo ang titik ng wastong sagot.

1. Sa pahayag na "Hinihikayat ng ilang kongresista ang kanilang kaalyado na pumirma sa impeachment complaint laban kay Pangulong Gloria Macapagal Arroyo. ang salitang may salungguhit ay ___________.
   a. inaanyayahan c. kasama
   b. kimukumbida d. inaalok

2. Ang salitang kaalyado na nasa pangungusap blg. 1 ay kasingkahulugan ng salitang __.
   a. kaibigan c. kasama
   b. kalahok d. kasabay

3. Ang balita ay mga pangyayaring

a. karaniwang nagaganap sa paligid.
b. di-karaniwang pangyayaring nagaganap sa paligid
c. naganap pa noong unang panahon
d. kinasangkutan ng sariling pamilya

4. Ang isa sa katangian ng balita ay ang mga sumusunod maliban sa isa.
   a. nararapat sa napapanahon
   b. hindi pangkaraniwan ang pangyayari
   c. sangkot ang hindi pangkaraniwang tao
   d. karaniwan ang kaganapan

5. Kapag ang balita ay tumatalakay sa mahahalagang pangyayaring nagaganap sa buong bansa, ito ay _____________.
   a. panlokal                c. pandaigdig
   b. pambansa                d. pampulitika

B. Basahin mo ang kasunod na balita. Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

Madadayang publisher ng libro dapat i-ban

Isinisi ng Department of Education (DepEd) sa kaawlan ng batas upang mai- black list ang mga publisher na patuloy na nagbibigay ng mga substandard na libro sa mga pampublikong paaralan.

Ayon kay Education Undersecretary for Administration and Finance Juan Miguel Luz, maituturing na hindi paglabag sa batas ang isinagawang "cut and paste system" ng ilang publisher sa mga librong isinusumite nila sa DepEd para sa ebalwasyon.

Nabatid na ilang mg apublisher ang kumukuha lamang ng ilang impormasyon sa ibang libro at ididikit sa evaluation book na ipapasa nito sa DepEd.

Makikita rin ang pandarayang ito sa bibliography mismo ng libro dahil inilalagay nila dito kung saan nila nakuha ang mga impormasyon na inilagay sa aklat.

Mismong si Luz pa ang nagsabi na mahahalata na ilan sa mga pahina ng libro ay gumagamit ng malalalim na salita, samantalang sa ibang bahagi ay napakababaw naman ng mga ganit na salita at pagpapaliwanag sa mga paksa.

"Minsan pagbukas mo sa isang page maiikli ang structure ng sentence, kapag inilipat mo naman sa ibang page ang haba naman ng sentence. Mahahalata mo rin na duplicated dahil walang logic ang topic sa ibang chapter," paliwanag niya.

Sa kabila nito, sinabi bni Luz na walang kakayahan na i-blacklist ang mag publisher na ito sa listahan ng DepEd sa kabila ng malinaw na panloloko ng mga ito.

"(Cut ansd paste) is not an illegal act. What we should be doing is just fail it because there is no law, saying that 'cutting and pasting' of information is an illegal. We can blacklist them if there is fraud,"ani Luz.

Kamakailan, hindi nakapasa sa evaluation ng DepEd ang 130 libro bunsod ng talamak na errors ng mga ito tulad ng grammar sa English at factual errors naman sa Social Studies textbooks.

Dahil dito, ibinalik ng ahensiya sa mga publisher ang mga libro upang rebisahin.

Naniniwala naman si Luz na magiging maayos ang proseso sa ebalwasyon ng mga libro dahil sa "textbook cycle" na kasalukuyang ipinapatupad ng DepEd.

Sa ilalim nito, bibili lamang ang ahensiya ng mga libro para sa isang asignatura pagkatapos ng limang taon batay sa mga limang pangunahing subject sa mga paaralan. Sa paraang ito, mapapalitan lahat ng librong ginagamit ng mga estudyante na may limang taon na sa sirkulasyon.

Sinabi ni Luz, para ngayong taon, papalitan ang mga librong Makabayan m ula grade one hanggang 4$^{th}$ year school. Sa susunod na taon, English na libro naman ang papalitan; 2007, Filipino; 2008, science at sa 2009 ay Math.

Nabniniwala si Luz sa pamamagitan nito, maitutuwid ng mga publisher ang mga pagkakamali sa mh lobrong ibinibenta ng mga ito sa DepEd at magkakaroon na ng sapat na oras ang mga publisher para sa kanilang research.

6. Ang talata ay tungkol sa ____________________.
   a. kawalan ng batas sa nagba-ban sa publisher.
   b. publisher ng mga libro na dapat i-ban.
   c. batas na dapat pairalin sa pagban sa publisher.
   d. madadayang Publisher sa Dep. Ed.

7-8. Ang nangingibabaw na impormasyon sa balita ay __________________.
   a. may mga madadayang publisher ng libro.
   b. may mga librong di makapasa sa Dep. Ed.
   c. may mga librong ibinalik sa publisher upang rebisahin.
   d. naglalabas ng batas tungkol sa pagggamit ng aklat.
   e. walang batas na magba-black-list sa madadayang publisher.

9. Ang balita ay __________________.
   a. panlokal
   b. pambansa
   c. pandaigdig
   d. pampulitika

10. Layunin ng balita na ____________________.
   a. makapagpaliwanag sa tao
   b. makapagbigay ng impormasyon
   c. makapag-isip sa isyu
   d. makapagbigay ng opinyon

Binabati kita sa matagumpay mong pagsasakatuparan sa mga gawain ng modyul na ito.